Republic of the Philippines
Province of Laguna
**Municipality of Cavinti**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG IKA–93 PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG HULYO 22, 2024 DITO SA BULWAGANG PULUNGANG BAYAN, GUSALING ABC HALL NG CAVINTI, LAGUNA.

MGA DUMALO: KGG. LIMRON O. SANCHEZ, SB Member/SKF President;
Pansamantalang Nangulong Pinuno

Kgg. Milbert L. Oliveros, Pang. Punumbayan/
Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Romel J. Villanueva, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC-President;

HINDI DUMALO: Kgg. Charles Clifford F. Matta, SB Member;
(*Nasa bakasyon*)

**KAPASIYAHAN BLG. 476 - 2024**

**KAPASIYAHAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG CAVINTI NA KILALANIN AT TANGKILIKING ANAK NG BAYAN NG CAVINTI SI KGG. ALI L. BADULIS, KONSEHAL NG BAYAN NG MAGDALENA.**

**Author :** KGG. ROMEL J. VILLANUEVA, SB Member;
*Chairman, Committee on Ordinance and Legal Matters*

**Co-Sponsors:**

Kgg. Jimmy Jose V. Oliveros, SB Member;
Kgg. Stephanie Princess P. De Guzman, SB Member;
Kgg. Godfrey L. Lubuguin, SB Member;
Kgg. Elma P. Flores, SB Member;
Kgg. Glenn Haze M. Cabuhat, SB Member;
Kgg. Habshan Dave D. Blastique, SB Member; at
Kgg. Manuel A. Dela Roca, SB Member/ABC President;

**SAPAGKAT,** may ilang dekada na rin na si Kgg. Ali L. Badulis, Miyembro ng Sangguniang Bayan ng Magdalena Laguna ay nakakapag-ambag ng pagpapayaman sa kulturang Cavinti sa pamamagitan ng pagiging maestro sa larangan ng *Street Dancing Competition*, mapa-bayan man at mapa-Lalawigan;

**SAPAGKAT,** sa kabila ng siya ay isa ring Lingkod-Bayan sa kanyang Bayan ay mas higit niyang pinili ang Bayan ng Cavinti ang maging maestro sa larangan ng patimpalak ng sayaw sa Taunang Anilag;

ARANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

LIMRON O. SANCHEZ
SKF PRESIDENT
PANSAMANTALANG NANGULONG PINUNO

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

Office of the Mayor
Cavinti, Laguna
RECEIVED
REGINE CARLA R. MEJILLA
13 AUG 2024 TIME: 4:12

ROMEL C. DELA TORRE 8-13-24

**SAPAGKAT,** siya ay kinikilala rin na mahusay makitungo, makisama, maki-halubilo sa mga taga-Cavinti na siyang kinagigiliwan ng mga kabataan, mga opisyal ng Sangguniang Barangay, mga empleyado ng Lokal na Pamahalaan ng Cavinti at ng ilang nakaraang pamunuan at ng kasalukuyang pamunuan;

**SAPAGKAT**, sa pamamagitan niya ay nagiging mas matibay ang Samahan at pagkakaibigan ng dalawang Bayan, ang Bayan ng Cavinti at ang tinaguriang *Hollywood* ng Laguna, ang Bayan ng Magdalena;

**SAPAGKAT,** isa siya sa nagbibigay kulay at saya sa Bayan ng Cavinti sa tuwing sasapit ang taunang selebrasyon ng Sambalilo Festival [Araw ng Cavinti] at ANILAG;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, matapos ang isang malaya at masinsinang talakayan sa panukala ni Kgg. Romel J. Villanueva, miyembro ng Sangguniang Bayan at buong pusong sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA**, gaya ng ginagawang pagpapasiya ng Sangguniang Bayan na **KILALANIN AT TANGKILIKING ANAK NG BAYAN NG CAVINTI SI KGG. ALI L. BADULIS, KONSEHAL NG BAYAN NG MAGDALENA.**

**IPINASIYA PA RIN,** na gawaran ng Plake ng Pagkilala si Kgg. Ali L. Badulis bilang pagpapatunay na siya ay ginawaran ngayong darating na ika-sampung (10th) pagdiriwang ng Sambalilo *Festival* ng Bayan ng Cavinti.

**IPINASIYA NA RIN,** na padalhan ng sulat-pabatid at kapasiyahang ito si Kgg. Ali L. Badulis sa kanyang Tanggapan sa Sangguniang Bayan ng Magdalena at/o sa kanyang tahanan para sa kanyang maagap na kaalaman, at kaukulang gabay.

**PINAGTIBAY.**

**PINATUTUNAYAN KO** na ang kapasiyahang ito ay halaw sa katitikan ng ika-93 Pangkaraniwang Pagpupulong ng Sangguniang Bayan ng Cavinti, Laguna, na ginanap noong ika- 22 ng Hulyo 2024.

NITZSHELL TORRES – DELA TORRE
Kalihim ng Sanggunian Bayan

ARRANTLEE R. ARROYO
Municipal Mayor

LIMRON O. SANCHEZ
SKF PRESIDENT
PANSAMANTALANG NANGUNONG PINUNO

NITZSHELL TORRES-DELA TORRE
Secretary to the Sangguniang Bayan

**MAY KINALAMAN:**

**KGG. LIMRON O. SANCHEZ**
**SKF PRESIDENT/**
**PANSAMANTALANG NANGULONG PINUNO**

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ARRANTLEE R. ARROYO**
**PUNUMBAYAN**